Ikalawang Kongreso
Partido Komunista ng Pilipinas

Marso 29, 2017

Komunike

Matagumpay na inilunsad sa huling kwarto ng 2016 ang Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas. Makasaysayan itong pinetsahan ng Oktubre 24 hanggang Nobyembre 7, 2016 bilang pagpapasimula ng pagdiriwang sa ika-100 taong anibersaryo ng tagumpay ng Rebolusyong Bolshevik ng 1917.

Hindi mapasusubalian ang makasaysayang kabuluhan ng Ikalawang Kongreso ng Partido. Sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng halos limang dekada, nagtipon ang mga susing lider at kadre ng Partido na kumakatawan sa aabot sa pitumpung libong myembro nito upang patatagin ang pagkakaisa ng Partido, amyendahan ang programa at konstitusyon nito batay sa mga natipong tagumpay at aral, at maghalal ng bagong mamumuno rito.

Ang matagumpay na pagpapatawag ng Ikalawang Kongreso ng Partido ay patunay kapwa ng natipong lakas at kakayahan gayundin ng determinasyong tipunin ang malaking bilang ng mga kadre ng Partido. Idinidiin din nito ang kawalang kakayahan ng reaksyunaryong estado na wasakin ang armadong rebolusyonaryong kilusan.

Sa kabila ng walang-puknat na operasyong militar, matagumpay na inilunsad ang Ikalawang Kongreso sa loob ng isang baseng gerilya. Binigyang seguridad ito ng isang batalyon ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at nagtamasa ng walang-hanggang suporta ng masang magsasaka at katutubong minorya sa lugar.

Binuo ang Ikalawang Kongreso ng 120 delegado, kapwa mga dumalo at di-dumalo. Sa mga dumalo, may 30% ang mahigit 60-taong gulang, samantalang may 60% ang nasa 45-59 taong gulang, at 15% ang 44 taong gulang at mas bata pa. Ang pinakamatandang delegado ay 70-taong gulang. Tatlumpu't tatlong taong gulang naman ang pinakabata.

Bilang salamin ng relatibong laki ng kasapian ng Partido, binuo ng mga kadreng nagmula sa limang rehiyon ng Mindanao ang 45% ng mga panrehiyong delegado; samantalang yaong mula sa Luzon ay bumuo nang 40% at 14% sa Visayas. Kinatawan naman ng iba pang delegado ang mga sentral na namumunong organo ng Partido at mga komisyon nito.

Sa patnubay ng temang “Ibayong pagkakaisa, ibayong tagumpay,” nagbalik-tanaw ang Ikalawang Kongreso ng Partido sa 48-taong kasaysayan nito, tinasa ang kasalukuyang obhetibo at suhetibong mga kalagayan at muling pinagtibay ang kapasyahan ng Partido na isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa mas mataas na antas.

Mga amyenda sa Konstitusyon

Inamyendahan ng Ikalawang Kongreso ang Konstitusyon ng PKP upang salaminin ang karanasan ng Partido sa paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang pang-ideolohiyang gabay sa kongkretong rebolusyonaryong praktika nito.

Ang pinakamahalagang amyenda sa Konstitusyon ay ang pinalawig na preambulo na nagtanghal sa mga batayang prinsipyo ng Partido kabilang ang pagsusuri nito sa kongkretong mga kundisyon ng lipunang Pilipino, ang pambansa-demokratikong linya at programa nito sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan upang hawanin ang daan para sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, ang paninindigan at kasaysayan ng paglaban nito sa modernong rebisyunismo, estratehiya at mga taktika nito sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan at pagsusulong ng armadong pakikibaka bilang prinsipal na anyo ng pakikibaka, at pagtatatag ng demokratikong gubyernong bayan.

Ipinasok ang isang bagong artikulo na naglilinaw ng papel ng Partido sa nagkakaisang prente. Nagkaroon din ng mga amyenda upang kumpletuhin ang pagbabaybay sa mga pang-ekonomyang uri at ang kanilang pagkakahanay sa usapin ng pagtanggap bilang kasapi. Isang bagong probisyon din ang ipinasok upang pahintulutang maging mga kasapi ng Partido yaong mga kasapi ng mga dayuhang mapagkaibigang partido na nakatalaga sa mga gawain sa saklaw ng PKP.

Isa pang probisyon ang inilakip upang tukuyin ang karapatan ng mga myembro na umabot na sa 70-taong gulang na magretiro sa mga gawain sa Partido habang nananatiling kasapi ng Partido at tumanggap ng subsidyo at suportang medikal. Inaprubahan din ang isang bagong probisyon na tumutukoy sa pagbubuo ng mga komiteng tagapayo kung saan maaaring ipaloob ang mga kadre ng Partido na piniling magretiro.

Upang tiyakin ang lakas at sigla ng Partido, isang probisyon ang pinagtibay na tumutukoy sa pagbubuo ng mga hakbanging magtitiyak na ang Komite Sentral ay magkakaroon ng balanse ng mga kadreng kabataan, panggitnang-gulang at nakatatanda.

Pinaunlad na pangkalahatang programa

Pinaunlad ng Ikalawang Kongreso ang Programa ng Partido para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan. Inilatag nito ang napapanahong kritika sa malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan, nang may partikular na pansin sa magkakasunud na mga rehimeng nag-aastang demokratiko matapos ni Marcos, ang lumulubhang mga tipo ng pang-aapi at pagsasamantala sa malawak na masa ng manggagawa at magsasaka at ang lumulubhang sosyo-ekonomikong kalagayan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng halos apat na dekada ng kaayusang neoliberal.

Habang humahalaw ng mga aral mula sa mayamang kasaysayan ng Partido, inilatag ng Ikalawang Kongreso ang mas malinaw na larawan ng estratehiya at mga taktika sa pagsamantala sa di-malutas at papalubhang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang estratehikong paghina ng imperyalismong US at ang pangmatagalang krisis ng lokal na naghaharing sistema upang isulong ang matagalang digmang bayan tungo sa ganap na tagumpay.

Nananawagan ang pangkalahatang programa ng Partido sa lahat ng Pilipinong komunista na “maging handa sa pag-alay ng kanilang buhay kung kinakailangan sa pakikibaka upang iluwal ang isang bagong Pilipinas na ganap na malaya, demokratiko, nagkakaisa, makatarungan at masagana.”

Inilalahad ng pinaunlad na programa ang sampung pangkalahatang tungkulin bago tumuloy sa paglalatag ng mga partikular na tungkulin sa mga larangan ng pulitika, ekonomya, militar, kultura at ugnayang panlabas.

Eleksyon

Inihalal ng Ikalawang Kongreso ang bagong Komite Sentral at Kawanihang Pampulitika para sa terminong limang-taon.

Mahigit sa kalahati ng mga bagong-halal na kasapi ng Komite Sentral ay mula sa mga kadreng kabataan at panggitnang-gulang, na nagtitiyak na ang pamunuan ng Partido ay mananatiling masigla, mahigpit na nakaugnay sa nakababababang mga antas ng pamumuno at may kakayahang pamunuan ang praktikal na gawain at pang-araw-araw na mga tungkulin ng Partido, laluna sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka laban sa reaksyunaryong estado.

Ang pagkukumbina ng mga nakatatandang kasapi ng Partido sa mga kabataan at mas bagong mga kadre ng Partido ay magtitiyak sa pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong pagsasanay ng isang ba-

gong henerasyon ng mga pinuno ng Partido na siyang tatangan sa timon ng Partido sa mga darating na taon.

Tungkulin ng mga nakatatandang kadre na ilipat ang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng paglalagom ng kanilang indibidwal at kolektibong mga karanasan upang tumulong sa paggabay sa kasalukuyang gawain ng nakababatang henerasyon ng mga pinuno ng Partido.

Mga resolusyon

Pinagpasyahan ng Ikalawang Kongreso na igawad ang pinakamataas na parangal kay Kasamang Jose Maria Sison bilang pangulong tagapagtatag ng PKP. Pinuri nito si Ka Joma bilang isang "dakilang komunistang paham, lider, guro at gabay ng proletaryadong Pilipino at tagapagdala ng sulo ng pandaigdigang kilusang komunista." Kinilala ng Ikalawang Kongreso ang kanyang malawak na ambag sa rebolusyong Pilipino at sa pandaigdigang kilusan ng uring manggagawa.

Pinagpasyahan din na patuloy itong lalapit sa kanya para humingi ng payo at magabayan ng kanyang mga kaalaman sa pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyong mga aspeto ng gawaing Partido. Inendorso rin nito ang limang bolyum ng mga sulatin ni Ka Joma bilang batayang sanggunian at materyal na aralin ng Partido. Ipinahayag ng Ikalawang Kongreso na sa pagkakaroon ng Partido ng yaman ng mga sulating Marxista-Leninista-Maoista na nilikha ni Ka Joma sa nakalipas na limang dekada ay mahusay nitong mapamumunuan ang pambansa-demokratikong rebolusyon tungo sa mas matataas na antas at ganap na tagumpay sa mga darating na taon.

Pinagpasyahan din ng Ikalawang Kongreso na parangalan ang lahat ng bayani at martir ng Komite Sentral ng Partido "na nagsilbing mga modelo ng walang pag-iimbot na dedikasyon at nagsilbi sa Partido hanggang sa kanilang huling hininga."

Pinagtibay din ng Ikalawang Kongreso ang upisyal na Pilipinong titik ng Internationale, ang awit ng Partido, na kabilang ang salin ng ikatlong seksyon ng orihinal na French, at pinaunlad ang salin ng iba pang bahagi. Pinagpasyahan din ng Ikalawang Kongreso na tanging ang Pilipinong titik ang aawitin sa mga upisyal na pagtitipon ng Partido.

Pinagtibay ng Ikalawang Kongreso na gugunitain nang buong-lugod at angkop na pagdiriwang ang ika-100 taong anibersaryo ng matagumpay na 1917 Rebolusyong Bolshevik sa Russia sa Nobyembre 17, 2017. Nilalayon nito na humalaw ng mga aral at inspirasyon mula sa unang matagumpay na sosyalistang rebolusyon at ang walang-katulad na mabilisang pang-ekonomya at panlipunang pag-unlad na nakamit mula 1917 hanggang 1953 sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado gayundin upang muling pagtibayin ang nagpapatuloy na kaangkupan ng sosyalistang rebolusyon sa harap ng lumulubhang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Pinagtibay din ng Ikalawang Kongreso na markahan ang ika-50 anibersaryo ng Partido sa Disyembre 26, 2018 sa pamamagitan ng paglalagom ng kasaysayan ng Partido at pagbubunyi sa mga tagumpay na nakamit ng Partido at mamamayan sa nakalipas na limang dekada ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa huli, pinagtibay ng Ikalawang Kongreso na saluduhan ang lahat ng Pulang mandirigma ng pinagsanib na lakas-batalyong pwersa ng BHB, gayundin ang mga kasapi ng milisyang bayan, at lahat ng iba pang kasapi ng Partido at mga aktibista na tumulong sa pagtiyak ng seguridad ng mga delegado, umalalay sa kanilang mga byahe, naghanda ng mga pagkain, nagbigay ng tulong medikal at iba pang suportang serbisyo. AB

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
ANG Bayan
Espesyal na Isyu
Marso 29, 2017
www.philippinerevolution.info